Mensahe Sampu

Pagiging Naiwangis sa Kamatayan ni Kristo
at
Pag-abot sa Higit na pagkabuhay na muli

Babasahin sa Kasulatan: Fil. 3:10-11

I. Sa Filipos 3:10, nagsasalita si Pablo hinggil sa "iwinawangis sa Kanyang kamatayan"; ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig na ninais ni Pablo na kunin ang kamatayan ni Kristo bilang hulmahan ng kanyang buhay:

A. Ang kaekselentehan ng pagkakilala kay Kristo, pag-aaring kalugihan ng lahat ng bagay, pagtatamo kay Kristo, pagiging nasumpungan sa loob Niya, pagkakilala sa Kanya, pagkakilala sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at pagkakilala sa pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa ay pawang nagreresulta sa isang bagay—pagiging naiwangis sa kamatayan ni Kristo—bb. 7-10.

B. Ang pagiging naiwangis sa kamatayan ni Kristo ay ang batayan ng karanasan kay Kristo—1:20-21a; 3:9-10.

C. Ang hulmahan ng kamatayan ni Kristo ay tumutukoy sa patuloy na paglalagay sa kamatayan ng Kanyang natural, pantaong buhay upang makapamuhay Siya sa pamamagitan ng buhay ng Diyos—Juan 6:57a:

1. Nang ang Panginoong Hesus ay nasa lupa, namuhay Siya ng isang napako sa krus na buhay; sa pamamagitan ng pamumuhay ng isang napako sa krus na buhay, Siya ay buháy sa Diyos at ipinamuhay Siya.
2. Palagi Niyang inilalagay ang Kanyang pantaong buhay sa kamatayan upang ang dibinong buhay sa loob Niya ay makadaloy palabas—10:10b-11, 17.
3. Habang Siya ay nabubuhay, Siya rin ay namamatay—namamatay sa lumang paglikha nang sa gayon ay makapamuhay ng isang buhay sa bagong paglikha; ito ang kahulugan ng *Kanyang kamatayan* sa Filipos 3:10.

D. Ang kamatayan ni Kristo ay isang hulmahan kung saan tayo ay iwinawangis sa halos kaparehong paraan na ang masa ay inilalagay sa hulmahan ng keyk at iwinawangis dito:

1. Inilagay tayo ng Diyos sa hulmahan ng kamatayan ni Kristo, at araw kada araw ay hinuhulma tayo ng Diyos upang iwangis tayo sa kamatayang ito—Roma 6:3-4.
2. Ang ating buhay ay dapat maiwangis sa gayong hulmahan—namamatay sa ating pantaong buhay nang sa gayon ay maibuhay ang dibinong buhay—Gal. 2:20; 2 Cor. 4:10-11.
3. Kung ilalagay natin sa kamatayan ang ating natural na buhay, magkakaroon tayo ng kamalayan na mayroon tayong isa pang buhay, ang dibinong buhay, sa loob natin; ang buhay na ito ay mapalalaya, at sa gayon sa ating karanasan ay maiwawangis tayo sa kamatayan ni Kristo—Juan 10:10b; 1 Juan 5:11-12.
4. Sa hulmahan ng kamatayan ni Kristo, ang natural na buhay ay pinapatay, ang lumang tao ay ipinapako sa krus, at ang sarili ay pinawawalang-bisa—2 Cor. 4:16; Roma 6:6; Mat. 16:24.
5. Kung hahayaan natin ang ating mga sirkumstansiya na idiin tayo sa hulmahang ito, ang ating pang-araw-araw na buhay ay mahuhulma tungo sa anyo ng kamatayan ni Kristo—Roma 8:28-29.

6. Tayo ay iwinawangis sa hulmahan ng kamatayan ni Kristo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo—Fil. 3:10; Juan 11:25; Efe. 1:19-20; A. A. 2:8-13.

E. Habang iwinawangis tayo sa kamatayan ni Kristo, nararanasan natin ang Kanyang nagsasakatuparan ng lahat na kamatayan:
   1. Sa pamamagitan ng pagiging naiwangis sa Kanyang kamatayan, nararanasan natin si Kristo sa Kanyang kamatayan para sa pagpapalaya, pamamahagi, at pagpaparami ng buhay—Juan 12:24-25; 2 Cor. 4:12.
   2. Ang tanging paraan upang luwalhatiin ang Diyos ay ang maiwangis sa kamatayan ni Kristo; lalo tayong naiwawangis sa kamatayan ni Kristo, lalo nating naluluwalhati ang Ama—Juan 12:28; 13:31.
   3. Kapag namatay tayo sa kamatayan ni Kristo at naiwangis sa Kanyang kamatayan, tayo ay magiging magnet na umaakit sa iba patungo kay Kristo—12:32.
   4. Lalo tayong namamatay kalakip ni Kristo, lalo nating inililigtas ang ating pangkaluluwang buhay tungo sa buhay na walang hanggan—b. 25.
   5. Kung laan tayong maiwangis sa kamatayan ni Kristo, madadaig natin ang sanlibutan at matatalo si Satanas—b. 31; Heb. 2:14.

II. Ang resulta ng pagiging naiwangis sa kamatayan ni Kristo ay upang ating maabot, o marating, ang higit na pagkabuhay na muli mula sa mga patay—Fil. 3:11:

A. Ang higit na pagkabuhay na muli ay ang natatanging pagkabuhay na muli, ang ekstrang-pagkabuhay na muli, na magiging gantimpala sa mga nananaig na banal—Apoc. 20:4, 6:
   1. Ang lahat ng mananampalataya na mga namatay kay Kristo ay makikibahagi sa pagkabuhay na muli mula sa mga patay sa pagbabalik ng Panginoon—1 Tes. 4:16; 1 Cor. 15:52.
   2. Matatamasa ng mga mandaraig ng Panginoon ang ekstra, natatanging bahagi ng pagkabuhay na muling iyon, isang pagkabuhay na muli kung saan tatanggapin nila ang gantimpala ng kaharian; ito ang pinagsikapan ni apostol Pablo na matamo—Heb. 11:35, 26.
   3. Ang higit na pagkabuhay na muli ay dapat na maging gol at patutunguhan ng ating buhay-Kristiyano—Fil. 3:11-15a.

B. Ang maabot ang higit na pagkabuhay na muli ay ang marating ang higit na pagkabuhay na muli; hinihingian tayo nitong matagumpay na tumakbo sa takbuhin para sa gantimpala.

C. Ang maabot ang higit na pagkabuhay na muli ay nangangahulugang unti-unti at patuloy na nabubuhay na muli ang ating buong katauhan—1 Tes. 5:23:
   1. Unang binuhay na muli ng Diyos ang ating namatay na espiritu; nagpapatuloy Siyang buhaying muli ang ating kaluluwa at ang ating katawang may kamatayan hanggang ang ating buong katauhan—espiritu, kaluluwa, at katawan—ay lubusang mabuhay na muli mula sa ating lumang katauhan sa pamamagitan ng Kanyang buhay at kalakip ng Kanyang buhay—Efe. 2:5-6; Roma 8:6, 11.
   2. Kung tayo ay naiwawangis sa kamatayan ni Kristo, ang bawat bahagi ng ating katauhan ay unti-unting mabubuhay na muli; kaya, ang buhay-Kristiyano ay isang proseso ng pagkabuhay na muli.
   3. Maaabot lamang natin ang gol na ito sa pamamagitan ng pagiging naiwangis sa kamatayan ni Kristo sa pamamagitan ng pamumuhay ng isang napako sa krus na buhay—Fil. 3:10-11.

4. Sa kamatayan ni Kristo, tayo ay napoproseso mula sa lumang nilikha tungo sa bago—bb. 10-11; 2 Cor. 5:17.

D. Ang higit na pagkabuhay na muli ay ang pagkabuhay na muli mula sa lumang nilikha tungo sa bagong nilikha—Gal. 6:15; 2 Cor. 5:17:
   1. Ang mapasahigit na pagkabuhay na muli ay nangangahulugang iwan ang lahat ng bagay ng lumang nilikha at madala tungo sa Diyos.
   2. Sa higit na pagkabuhay na muli ay walang elemento ng lumang nilikha; sa halip, ang lahat ng bagay ay punô ng dibinong elemento—Apoc. 21:5a.

E. Para kay Pablo, ang mabuhay ay si Kristo bilang higit na pagkabuhay na muli—Fil. 1:21a; 3:11:
   1. Ang higit na pagkabuhay na muli sa katunayan ay ang minamahal, mahalaga, ekselenteng persona ni Kristo, ang Isa na, sa pamamagitan ng pagkapako sa krus at pagkabuhay na muli, ay lumabas mula sa lumang paglikha at pumasok tungo sa Diyos—Juan 14:3, 20; Heb. 6:19-20.
   2. Ang Kristo na dapat nating ipamuhay ay Siya Mismong higit na pagkabuhay na muli—Fil. 1:21a; 3:11; Juan 11:25.

F. Sa Filipos 3:12, nakamit na ni Pablo ang pangkalahatang kaligtasan ng mga mananampalataya sa pamamagitan ng pangkalahatang pananampalataya ng mga mananampalataya, subalit hindi pa niya nakamit ang ekstrang bahagi ng pagkabuhay na muli:
   1. Upang makamit ang bahaging iyon, kailangan niyang maghabol, tumakbo, at tapusin ang kanyang takbuhin nang matagumpay—2 Tim. 4:7-8.
   2. Ang salitang Griyego para sa *naghahabol* sa Filipos 3:12 ay ang parehong salita para sa *usigin*; ang salitang ito ay nangangahulugan ding "magpatuloy tungo sa, sumunod sa":
      a. Sa gayong paraan tinakbo ni Pablo ang takbuhin upang makamit ang gantimpala at maabot ang paggulang.
      b. Bago siya naligtas, inusig niya si Kristo; pagkatapos niyang maligtas, hinabol niya si Kristo hanggang sa puntong inusig niya si Kristo, subalit sa positibong paraan.

G. Kailangan tayong maiwangis sa kamatayan ni Kristo nang sa gayon sa anumang paraan ay maabot natin ang higit na pagkabuhay na muli mula sa mga patay; ito ang tanging paraan upang magpatuloy ang Panginoon sa Kanyang pagbabawi, ang tanging paraan upang itayo ng Panginoon ang Kanyang ekklesia, ang tanging paraan upang ihanda ang kasintahang babae, at ang tanging paraan upang mapabalik ang Panginoon—bb. 10-11; Mat. 16:18; Apoc. 19:7-9a; 22:14, 20.

© 2026 Living Stream Ministry